

## Pagkunsulta at pagpatingin kung mayroong

### New Coronavirus (COVID-19)

#### Mangyaring ibahagi sa mga kakilala ang impormasyon na ito.

##### ■ Ano ang new coronavirus?

Ito ay isang uri ng sakit sa baga na dulot ng bagong strain ng coronavirus (COVID-19). Kabilang sa sintomas nito ay ubo at lagnat at maari rin itong magdulot ng pneumonia. Ang sakit na ito ay sinasabi ring airborne at nakakahawa.

##### ■ Huwag pumasok sa paaralan o sa trabaho kung mayroon kayong lagnat.

- Bago kumunsulta sa mga center, tumawag muna kayo sa inyong doktor. (palaging pinupuntahan)
- Kapag wala kayong permanenting doctor, tumawag kayo sa “Akita Covid -19 Consultation center”.

##### ■ Mahalaga na ang bawa't isa ay tumulong upang mapigil ang paglaganap ng impeksyon

##### Paano maiiwasan ang pagkalat ng impeksiyon?

- Maghugas ng kamay pag-uwi ng bahay.
- Gumamit ng disinfecting alcohol at panatiliing malinis ang mga daliri.
- Umiwas sa mga matataong lugar.
- Panatiliin sa katamtaman na temperatura ang loob ng silid, at magpapasok ng sariwang hangin.
- Palaging magsuot ng mask.



##### Impormasyon tungkol sa new coronavirus sa iba't ibang wika

<https://www.pref.akita.lg.jp/pages/archive/47169>

#### Sangguni sa Telepono para sa mga Dayuhang Mamamayan Tungkol sa New Coronavirus

Impormasyon ng contact	Akita Corona Virus Consultation Center (call center)	Kailan . Telepono	Araw-araw (00:00)~(24:00) 018-866-7050
Wika	Hapon		Araw-araw (08:00)~(17:00) 018-895-9176
			Araw-araw (08:00)~(17:00) 0570-011-567


#### Maaari kaming makipag-usap sa ibang wika

Impormasyon ng contact	Akita Consultation for foreigners	Kailan	Huwebes (13:00)~(17:00) ※ Magpa-reserba sa wikang Tagalog , Vietnamese
Wika	English, Chinese, Korean, Tagalog, Vietnamese	Telepono Email	018-884-7050 soudan21@aiahome.or.jp

# Para sa mga banyagang nakatira sa Akita ~Makipagtulungan tayo sa pag-iwas ng pag-siklab at paglaganap ng Covid-19~

## Iwasan natin ang “ Tatlong M ”

- ① Masikip na lugar na hindi maayos ang bentilasyon.
- ② Mataong lugar na dinadayo ng maraming tao.
- ③ Malapit na pakikipag-ugnayan tulad ng pakikipag-usap ng malapit sa kapwa.



Mataas ang panganib na magkaroon ng cluster kapag ang “Tatlong M” ay magkapatong-patong. cluster (grupong pagsiklab)

※Dagdag pa sa pag-iwas sa Tatlong M, i-disinfect din natin ang mga bagay na ginagamit ng iba't-ibang tao.

1. Iwasan ang “Tatlong M” Masikip na lugar, Mataong lugar , Malapit na pakikipag-ugnayan.
2. Ipalagay mo na iyong sarili ay may impeksiyon at mangyaring kumilos ng ayon sa nararapat dito.
3. Kung ikaw ay may lagnat o nakakaramdam ng panghihina, pagbago ng panglasa at pang-amoy mangyaring tumawag agad sa inyong doctor o sa Akita Corona Virus Consultation Center.

## Umayaw! Diskriminasyon sa may Covid- 19

Nakikita ng mga taong nagkaroon ng impeksiyon at ng pamilya nito , mga medikal na pasilidad at iba pa ang mga paninirang –puri sa SNS na hindi naman batay sa tamang impormasyon.

Ang ganitong gawain ay labag sa karapatang pantao.

Maaring kumilos ng mahinahon ayon sa tamang impormasyon.